



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Oktubre, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANG MGA BALOTANG PANGKOREO PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE NA ELEKSYON AY IPINADALA NA SA MGA NAKAREHISTRONG BOTANTE

Mahigit sa **1.9 milyon na mga balotang pangkoreo** ang paparating na sa mga nakarehistrong botante ng County ng San Diego para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon. Maaari ninyong makita ang sa inyo sa inyong mailbox kasing aga ng Lunes, Ika-5 ng Oktubre. Makikita rin ninyo ang inyong “Bumoto Ako” na sticker sa loob ng inyong opisyal na pakete ng balotang pangkoreo.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa [Kearny Mesa](#) ay bukas na rin ngayon para sa maagang pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Gayunman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalahin ang kanilang mga balotang pangkoreo.

“Hinihikayat namin ang mga botante na maagang kumilos at gumawa ng mga desisyon sa pagboto mula sa kanilang tirahan nang ligtas at kumportable,” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu. “Markahan ang inyong balota, pirmahan, i-seal at ibalik ang inyong balotang pangkoreo sa isang pinagkakatiwalaang source. Kung mas maaga naming matatanggap ang inyong balota, mas maaga naming masisimulan ang pagproseso nito para ito ay kaagad na mabilang kapag nagsara ang mga botohan ng ika-8 ng gabi sa Ika-3 ng Nobyembre.”

Habang magbubukas ang mga lugar ng botohan para sa in-person na pagboto, ang lahat ng mga botante ng California ay nakakatanggap ng mga balotang pangkoreo para sa eleksyong ito upang tulungan silang maiwasan ang contact sa ibang tao sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Maaari ninyong ibalik ang inyong minarkahang balota na nasa pre-paid postage na sobre sa



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-5 ng Oktubre, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

anumang [opisina ng U.S. Postal Service o collection box](#). Simula Martes, Ika-6 ng Oktubre, magkakaroon din kayo ng opsyon na i-drop off ang inyong balota sa isa sa 126 na [mga mail ballot drop-off location](#) sa buong county. Hanapin ang isang drop-off location na malapit sa inyo gamit ang [locator tool](#) na ito.

Maaari na ninyo ngayon i-track ang inyong balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pag-sign up para sa Nasaan Ang Aking Balota? Alamin kung paano sa [sdvote.com](#) at tumanggap ng mga awtomatikong notipikasyon tungkol sa status ng inyong balota.

Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balotang pangkoreo sa Miyerkules, Ika-14 ng Oktubre, tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Ika-3 ng Nobyembre na Eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

